# Pagsasagip sa Modernidad: Pagbabago ng Klima, Agham at Kanluraning Imperyalismo

**JC GAILLARD**
Waipapa Taumata Rau, Aotearoa
jc.gaillard@auckland.ac.nz
https://orcid.org/ 0000-0001-5487-6997

### ABSTRAK

Ang pagbabago ng klima ay ang panghuling hamon para sa *proyekto ng modernidad* dahil ang pinakalayunin nito ay palayain ang taumbayan mula sa pandaigdigan at pangmatagalan na banta ng kalikasan. Pamana ito ng *Enlightenment* noong ikalabingwalong siglo sa Europa na kung saan naging banta sa kinabukasan ng sangkatauhan ang kalikasan. Sa kasalukuyang talastasan tungkol sa pagbabago ng klima, malinaw ang impluwensiya ng Kanluraning agham sa pagbuo ng isang salaysay lamang tungkol sa mismong banta at sa dapat maging adaptation ng taumbayan. Naging batayan ito sa paggigiit ng isang uri ng *government* lamang pagdating sa pagbabago ng klima. Ito ay ang tinatawag na *governmentality*, ayon kay Foucault. Ang *Governmentality* ay ang modernong uri ng paggigiit ng kapangyarihan na umunlad sa Europa noong ikalabingwalong siglo. Batayan nito ang mga ideya ng *Enlightenment* at ang kanyang paghahanap sa kamalayan mula sa mga banta ng kalikasan. Sa *governmentality* ng pagbabago ng klima may mahigpit ng kontrol sa lipunan at sa ugali ng mga taumbayan kung naniniwala sila na magiging mas ligtas at maunlad ang kanilang buhay. Dahil hegemoniko itong *governmentality* ng pagbabago ng klima, ito ay naging isang bagong instrumento ng Kanluraning imperyalismo. Ginagamit nito ang materyal na realidad ng pagbabago ng klima at ang kanyang epekto upang magiit ang normatibo at regulatoryong agenda sa iba't ibang lugar sa mundo. Hindi ibig sabihin na hindi nagbabago ang klima. Ang pangamba ng artikulong ito ay ang pagkalat ng Kanluraning agham at *governmentality* sa buong mundo,

Gaillard, JC. "Pagsasagip sa Modernidad:
Pagbabago ng Klima, Agham at Kanluraning Imperyalismo"
*TALA* 8:2 (December 2025), pp. 1-31.

lalo na sa lugar katulad ng Pilipinas na kung saan hindi wasto ang mga ito sa lokal na pananaw.

***Mga susing salita:*** *Pagbabago ng klima, agham, govenmentality, imperyalismo, Kanluran.*

## ABSTRACT

Climate change constitutes the ultimate challenge for the *project of modernity*, as envisioned in Europe during the 18th century or *Age of Enlightenment.* Its global and long-term threat is all what modernity has always endeavoured to control to free people from the dangers of Nature. This is evident in the contemporary discourse on climate change that is supported by a single narrative dictated by Western science. This monolithic discourse leads one unique approach to governing climate change. This form of government mirrors Foucault's *governmentality*. *Governmentality* is the modern form of exercising power that emerged and grew in Europe through the 18th century. It is grounded in the expectations of the *Age of Enlightenment* that people should be free from the threats of nature. The *governmentality* of climate change exerts strong control on society and the behaviour of people who believe that their life will be safer and more progressive. This Western approach to governing climate change is hegemonic and applied all around the world. As such, the *governmentality* of climate change constitutes an instrument of imperialism for the West. It builds upon the material reality of climate change and of its impacts to impose a normative and regulatory agenda on the rest of the world. Our argument is thus not to dismiss the significance and relevance of climate change. Our concern is the rolling out of Western science and *governmentality* across the world, especially in places such as the Philippines where they do not match local understandings of the world.

***Keywords:*** *Climate change, science, governmentality, imperialism, West.*

© 2025 JC Gaillard

Ang pagbabago ng klima ay ang panghuling hamon para sa '*proyekto ng modernidad*'[1] at ang '*unentrinnbaren Zwang zur gesellschaftlichen Herrschaft über die Natur.*'[2] Ito ay dahil sa ang pinakalayuin ng mondernidad ay palayahin ang taumbayan mula sa pandaigdig at pangmatagalang banta ng kalikasan. Samakatuwid, kailangan gumapi sa pagbabago ng klima ang proyketo ng modernidad upang siguraduhin ang kinabukasan ng sangkatauhan.[3] Ang pagsisikap na nito ay binigyang ng pansin sa paggawad ng unibersal at depinitibong Nobel Peace Prize:

> By awarding the Nobel Peace Prize for 2007 to the IPCC and Al Gore, the Norwegian Nobel Committee is seeking to contribute to a sharper focus on the processes and decisions that appear to be necessary to protect the world's future climate, and thereby to reduce the threat to the security of mankind. Action is necessary now, before climate change moves beyond man's [sic] control.[4]

Dahil dito nagkaroon ng *dispositif*, sa salita ni Foucault,[5] para sa pagbabago ng klima. Ang *dispositif* ay suportado ng isang malakas at malaganap na talastasan at makinarya pang-agham. Ang *dispositif* ay batayan para sa iba't ibang polisya at aksyon sa lahat ng antas, mula sa mga kabahayan hanggang sa global. Sa artikulo na ito, ayaw nating ipagwalang bahala ang realidad ng pagbabago ng klima at ang kanyang epekto sa kapaligiran at lipunan. Ang pagbabago ng klima ay isang malaking isyu na kailangan nating tutukan kung saan ang kanyang epekto ay mahalaga para sa buhay at kabuhayan ng taumbayan.

Ang artikulo na ito ay magbibigay ng tuon na ang *dispositif* na nabuo sa harap ng pagbabago ng klima ay isang instrumento ng hegemoniko at imperyalistang agenda ng Kanluran. Ang pinagbatayan ng agenda na ito ay ang pamana ng *Enlightenment* kung saan ang kalikasan ay banta para sa taumbayan at sa kanilang kamalayan. Kaya ang Kanluraning talastasan tungkol sa pagbabago ng

---

[1] Jürgen Habermas, *Der Philosophische Diskurs der Moderne* (Berlin: Suhrkamp Verlag, 1985).

[2] '*inescapable compulsion toward the social control of Nature*'. From the English edition (p. 27) translated by Edmund Jephcott and published by Standford University Press in 2002; Max Horkheimer at Theodor Adorno, *Dialektik der Aufklärung* (Amsterdam: Querido Verlag, 1947), 41.

[3] Andreas Malm, *The Progress of this Storm: Nature and Society in a Warming World* (London: Verso, 2018);

[4] Michel Foucault, *Sécurité, Territoire, Population: Cours au Collège de France – 1977-1978* (Paris: Ecole des Hautes Etudes en Sciences Sociales / Gallimard / Editions du Seuil, 2004).

[5] Michel Foucault, *Sécurité, Territoire, Population: Cours au Collège de France – 1977-1978* (Paris: Ecole des Hautes Etudes en Sciences Sociales / Gallimard / Editions du Seuil, 2004).

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

klima ay sumusuporta sa proyekto ng modernidad sa isang punto sa kasaysayan kung kailan sinabi ng mga iba na namamatay na ang mga prinsipyo at layunin ng modernidad.[6]

Sa mga susunod na bahagi ng artikulo na ito, bibigyan ng diin ang salaysay ng agham at ang kanyang tungkulin sa pagbubuo ng malawak at malakas na talastasan tungkol sa pagbabago ng klima. Pagkatapos, tutuklasin din ang *dispositif* at *governmentality* ng pagbabago ng klima, lalo na ang landas na tinatawag na *adaptation.* Ipapakita natin na ang *governmentality* ng pagbabago ng klima ay isang normatibong instrumento ng imperyalista at hegemonikong agenda ng Kanluran at ang kanyang proyekto ng modernidad na namana mula sa *Enlightenment.*

## Ang Pagbabago ng Klima at Pagbabalik ng Kalikasan Bilang Banta para sa Lipunan

Hindi bago ang pananaliksik tungkol sa klima. Nagmula ito sa panahon ng *antiquity*. Gayun pa man, sa kasulukuyan ay nagkaroon ito ng walang kaparis na pagkilala na nagsimula noong huling dekada ng ikadalawampung siglo. Ang mga mahahalagang pagbabago na napansin sa iba't ibang aspeto ng klima ay naging tuon ng libu-libong iskolar at institusyon ng pananaliksik sa buong mundo, lalo na sa Pilipinas. Ito ay suportado ng bilyun-bilyong dolyar na pondo. Nagkaroon din ng isang *intergovernmental* na *panel* sa ilalim ng United Nations, ang *Intergovernmental Panel on Climate Change* o IPCC, upang mangolekta ng ebidensya at magbigay ng payong pangpolisiya. Sa Pilipinas, may nananaliksik tungkol sa pagbabago ng klima sa bawat unibersidad. Mayroon ding *Philippine Academic Society for Climate and Disaster Resilience* (PASCDR) at iba't ibang postgradong (post graduate?) programa tungkol sa pagbabago ng klima sa Unibersidad ng Pilipinas, Ateneo de Manila University at Southeast Asian Regional Center for Graduate Study and Research in Agriculture (SEARCA). Nagmula ito sa malawak at sopistikadong makinarya ng isang unibersal at matibay na salaysay na naging batayan para sa hegemonikong talastasan

[6]Jean-François Lyotard, *La Condition Postmoderne: Rapport sur le Savoir* (Paris: Les Editions de Minuit, 1979); Dipesh Chakrabarty, *Provincializing Europe: Postcolonial Thought and Historical Difference* (Princeton: Princeton University Press, 2000).

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

tungkol sa pagbabago ng klima. Sa talastasan na ito ay may isang katotohanan lamang kahit na ang pagbabago ng klima ay isyu sa maraming iba't ibang lipunan at kultura sa buong mundo. Isa itong epistemolohiyang walang katuturan.

*Kasaysayan ng pananaliksik tungkol sa klima*

Pamana ang itong salaysay ng Enlightenment nong ikalabingwalong siglo sa Europa, lalo  na ng pagkakaintindi ng lindol noong 1755 sa Lisboa sa Portugal. Noong panahon na ito nakilala ang kalikasan bilang banta sa taumbayan. Naging posible lamang ang pag-unlad at kamalayan ng lipunan kung kokontrolado ang kalikasan. Ito ang naging batayan ng proyekto ng modernidad.[7] Sa larangan ng pananaliksik tungkol sa kalamidad, ito ay naging pamantayan ng dialektika ng bantang panganib at vulnerability. Halata ito sa kahalagan ng mnemonic na 'disaster = hazard x vulnerability' na ginagamit din ng mga mananaliksik tungkol sa pagbabago ng klima sa buong mundo sa kasalukuyan. Nanggaling sa pamana ng Europa ang iba't ibang kaugnay na konsepto, teorya at metodolohiya na ginagamit natin sa pagkakaintindi ng pagbabago ng klima. Kasama rito ang vulnerability (mula sa Latin vulnerābilis), exposure (mula sa Latin expōnere), mitigation (mula sa Latin mītigāre), adaptation (mula sa Latin adaptāre) at resilience (mula sa Latin resiliens). Wala tayong eksaktong salin para sa mga konseptong ito sa Filipino at iba't ibang wika sa Pilipinas kaya ginanamit natin ang mga salitang Ingles, kadalasan, o, madalang, ang mga salitang Espanyol katulad ng bulnerabilidad[8] o Sanskrit katulad ng sakuna.[9]

Ang lahat ng mga konseptong ito ay batay sa kalikasan bilang banta sa lipunan at kabuhayan ng mga taumbayan. Malinaw ito sa mga konsepto ng exposure at mitigation. Ganoon din para sa vulnerability at resilience. Halimbawa, ang mga kahulugan ng mga ito sa IPCC ay kalakip sa adaptation kung saan ang adaptation ay kaugnay sa banta ng kalikasan:

---

[7] JC Gaillard, *The Invention of Disaster: Power and Knowledge in Discourses on Hazard and Vulnerability* (Abingdon: Routledge, 2021).

[8] Lorna P. Victoria at Mayfourth D. Luneta, *Kahandaan, Katatagan at Kaunlaran ng Komunidad: Gabay sa Pagsasanay sa Disaster Risk Management* (Center for Disaster Preparedness, Quezon City, 2010).

[9] JC Gaillard, "Tárak yé king Dápu! Hybrid na Pagkakaintindi sa Ayun sa Indung Kapampángan," Banwaan: The Philippine Journal of Folklore 3, no. 2 (2023): 1-23.

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

> the process of adjustment to actual or expected climate and its effects. In human systems, adaptation seeks to moderate or avoid harm or exploit beneficial opportunities. In some natural systems, human intervention may facilitate adjustment to expected climate and its effects.[10]

Ganito rin ang kahuluhan ng adaptation sa batas tungkol sa pagbabago ng klima sa Pilipinas o RA9729 – Climate Change Act of 2009: 'adaptation refers to the adjustment in natural or human systems in response to actual or expected climatic stimuli or their effects, which moderates harm or exploits beneficial opportunities'. Sa kahulugang ito nag-aadjust sa pagbabago ng klima dapat ang mga taumbayan sa isang hindi patas na dialektika kung saan ang kalikasan ang nagdidikta ng mga patakaran.

Ang dialektika na ito ay isang malinaw na pamana ng Enlightenment at ng proyekto ng modernidad bilang daan patungo sa kamalayan ng sangkatauhan. Ayon kay Smith,[11] 'it leaves sacrosanct the chasm between nature and society – nature in one corner, society in the other – which is precisely the shibboleth of modern western thought'. Kaya ang pagbabago ng klima ay isang pambihirang bagong hamon para sa proyekto ng modernidad. Ito ay isang oportunidad upang palakasin ang kanyang agenda sa panahon kung kailan bumaba ang ibang banta ng kalikasan sa araw-araw na buhay. O kaya sa ating pag-aakala na nabawasan na natin ang mga banta na ito. Sa ganitong agenda lumakas lalo ang importansya ng agham at teknolohiya upang maintindihan at bawasan ang mga bagong banta ng pagbabago sa klima na un-precedented sa modernong kasaysayan ng sangkatauhan. Ang punto na ito ay malinaw sa mismong panimula ng IPCC Fifth Assessment Report ng 2014:[12] 'warming of the climate system is unequivocal, and since the 1950s, many of the observed changes are unprecedented over decades to millennia'. Kaya, ayon sa National Adaptation

[10] Intergovernmental Panel on Climate Change, *Climate Change 2014: Impacts, Adaptation, and Vulnerability. Part A: Global and Sectoral Aspects. Contribution of Working Group II to the Fifth Assessment Report of the Intergovernmental Panel on Climate Change* (Cambridge: Cambridge University Press, 2014), 5.

[11] Neil Smith, *Uneven Development: Nature, Capital and the Production of Space*, 3rd ed. (Athens: The University of Georgia Press, 2008), 244.

[12] Intergovernmental Panel on Climate Change, *Climate Change 2014: Impacts, Adaptation, and Vulnerability. Part A: Global and Sectoral Aspects. Contribution of Working Group II to the Fifth Assessment Report of the Intergovernmental Panel on Climate Change*, 2.

© 2025 JC Gaillard

Plan ng Pilipinas para sa 2023-2050, 'as temperatures continue to rise at rates exceeding global averages, the potential impact on the Philippines becomes increasingly dire.'[13]

*Ang kasalukuyang talastasan tungkol sa pagbabago ng klima*

Dahil dito ang layunin ng agham ay hindi lamang magdagdag ng kaalaman tungkol sa mga nakalipas at kasalukuyang pagbabago sa klima. Mahalaga rin na hulaan kung ano ang mga darating na ebolusyon sa klima bilang inaasahan patungo sa isang un-certain na kinabukasan.[14] Ang importante ay ang mga bagong 'normal' na temperature, pag-ulan, lakas ng hanging, at iba pa, at ang mga posibleng lampas sa tipping point na kung saan ang banta ay pwedeng maging kalamidad para sa daigdig.[15] Ang importansya ng mga scenario ng pagtaas ng pandaigdigang mean temperature sa isang salaysay pang-agham at mas malawak na talastasan tungkol sa pagbabago ng klima ay isang ebidensya ng kahalagahan ng mga numero at bilang sa pagkakaintindi ng mga kalamidad[16]. Pinuna ni Canguilhem[17] sa larangan ng medisina itong kinahuhumalingan sa mean at average. Sa konteksto ng pagbabago ng klima, ang problema ay kapag ang mga tipping point at scenario tungkol sa magnitude at kahalagahan ng pagbabago ay galing sa Kanluraning agham lamang. Walang boses dito ang mga taumbayan. Sinabi ni Canguilhem:[18]

> l'importance c'est une notion objective pour le naturaliste, mais c'est au fond une notion subjective en ce sens qu'elle inclut une référence à la vie de l'être vivant, considéré comme apte à qualifier cette même vie selon ce qui la favorise ou l'entrave.[19]

[13] Climate Change Commission at Department of Environment and Natural Resources, *National Adaptation Plan of the Philippines 2023-2050* (Manila / Quezon City: Climate Change Commission at Department of Environment and Natural Resources, 2023), 33.
[14] David Demeritt, "The Construction of Global Warning and the Politics of Science," *Annals of the Association of American Geographers* 91, no. 2 (2001): 307-337.
[15] Noel Castree, "Unfree Radicals: Geoscientists, the Anthropocene, and Left Politics," *Antipode* 49, S1 (2017): 52-74.
[16] Gaillard, *The Invention of Disaster*.
[17] Georges Canguilhem, *Le Normal et le Pathologique* (Paris: Presses Universitaires de France, 1966).
[18] Canguilhem, *Le Normal et le Pathologique*, 111.
[19] '*For the naturalist importance is an objective idea, but it is essentially a subjective one in the sense that it includes a reference to the life of a living being, considered fit to qualify this same life according to what helps or hinders it*'. From the English edition translated by Carolyn R. Fawcett and published by Zone Books in 1991.

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

Ang ibig sabihin nito ay *subjective* ang kahalagahan ng pagbabago ng klima at ang mga *tipping point* na kung saan ang epekto ay posibleng maging kalamidad. Kaugnay ito sa kakayahan ng mga taumbayan mabuhay ang buhay na gusto nila para sa kanila at kanilang kamag-anak. Ito ay nakasalalay sa iba't ibang dahilan hindi lamang ang klima. Ang *subjective* na pagtatasa ng ating kalagayan at hangad para sa sarili ay walang kaugnayan sa isang istatistikang paglihis sa *mean* or *average* ng iba't ibang *indicators/phenomena/processes* sa klima.

Ang pamamayani ng Kanluraning agham at pagpapawalang pansin sa mga lokal na pananaw at *subjective* na punto de bista tungkol sa pagbabago ng klima at ng kanyang epekto para sa bawat tao sa iba't ibang lugar at kalagayan ay pinapatibay ng pinalawak ng mga *international organization* at *donor* na nagpopondo sa mga aksyon kontra sa pagbabago ng klima. Gayundin para sa mga *Non-Government Organisations* (NGOs) na nagpapatupad ng mga aksyon na ito. Sila ang nagpapasikat sa mga konsepto katulad ng *vulnerability*, *resilience*, *mitigation* at *adaptation* bilang pamantayan. Kaya nagpapasiya ang IPCC at ibang pang international organizations na magpatupad ng *standard* na kahulugan para sa *mitigation* at *adaptation* sa kanilang glosaryo at iba't ibang panulat na ginagamit ng mga ibang organisasyon sa buong mundo at sa Pilipinas katulad ng Climate Change Commission at iba't ibang lokal na NGO[20] at pribadong sektor.[21] Ito ay ebidensya ng hegemoniko at normatibong talastasan tungkol sa pagbabago ng klima. Ayon kay Bankoff:

> adaptation is very much a top-down rather than a bottom-up concept largely conceived and implemented by UN and international organisations. Its definition and application are fought over in much the same way as were vulnerability and resilience.[22]

[20] Halimbawa sa mga iba't ibang kasaling organisasyon sa Disaster Risk Reduction Network Philippines: https://drrnetphils.org/

[21] Halimbawa sa mga iba't ibang kasaling organisasyon sa Philippine Disaster Resilience Foundation: https://www.pdrf.org/

[22] Greg Bankoff, "Remaking the World in our Own Image: Vulnerability, Resilience and Adaptation as Historical Discourses," *Disasters* 43, no.2 (2019): 221-239.

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

Samakatuwid, ang salaysay pang-agham at mas malawak na talastasan tungkol sa pagbabago ng klima ay pamana ng *Enlightenment* sa Europa na nagmula pa noong ikalabingwalong siglo. Nanggaling ang kanyang kahalagahan at pangangalap sa kanyang abilidad upang palakasin muli ang proyekto ng modernidad dahil naging banta ulit ang kalikasan para sa sangkatauhan. Dahil dito, kinakailangan ng sariling, sopistikado at pangdaigdigan na *dispositif* para matugunan itong isyu. Ito ay sinusuporta ang *governmentality* ng pagbabago ng klima.

## Ang *Governmentality* ng Pagbabago ng Klima

*Ano ba ang dalumat ng governmentality?*

Ayon kay Foucault[23] ang *governmentality* ay:

> l'ensemble constitué par les institutions, les procédures, analyses et réflexions, les calculs et les tactiques qui permettent d'exercer cette forme bien spécifique, quoique très complexe, de pouvoir, qui a pour cible principale la population, pour forme majeure de savoir l'économie politique, pour instrument technique essentiel les dispositifs de sécurité.[24]

Ang *Governmentality* ay ang modernong uri ng paggigiit ng kapangyarihan na umunlad sa Europa noong ikalabingwalong siglo. Batayan nito ang mga ideya ng *Enlightenment* at ang kanyang paghahanap sa kamalayan mula sa mga banta ng kalikasan. Kaya ang *governmentality* ay isang uri ng *government* (sa *literal* na kahulugan ng konsepto nong ikalabingwalong siglo sa Europa) kung saan may kunwaring kamalayan ang mga taumbayan habang may nakatago na sopistikado, banayad at normatibong patakaran at regulasyon ng ugali ng bawat tao. Sinabi ni Foucault[25] na: '*les "Lumières" qui ont découvert les libertés ont aussi inventé les disciplines*'.[26] Mula noon ang mga mekanismo ng kontrol at disiplina ay naging batayan ng kaligtasan at kamalayan ng taumbayan sa harap ng mga banta ng kapaligiran, lalo na ang pagbabago ng klima.

[23] Foucault, *Sécurité, Territoire, Population: Cours au Collège de France – 1977-1978*, 111.

[24] '*The ensemble formed by institutions, procedures, analyses and reflections, calculations, and tactics that allow the exercise of this very specific, albeit very complex, power that has the population as its target, political economy as its major form of knowledge, and apparatuses of security as its essential technical instrument*'. From the English edition translated by Graham Burchell and published by Palgrave Macmillan in 2007.

[25] Michel Foucault, *Surveiller et Punir: Naissance de la Prison* (Paris: Gallimard, 1975), 258.

[26] '*The 'Enlightenment', which discovered the liberties, also invented the disciplines*'. From the English edition translated by Alan Sheridan and published by Vintage Books in 1995.

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

Ang itong mga sopistikado, banayad at normatismong mekanismo ng kontrol at disiplina ay batay sa tinatawag ni Foucault[27] *dispositif* o sa kanyang salita:

> un ensemble résolument hétérogène, comportant des discours, des institutions, des aménagements architecturaux, des décisions règlementaires, des énoncés scientifiques, des propositions philosophiques, bref, du dit, aussi bien que du non-dit, voilà les éléments du dispositif. Le dispositif lui-même, c'est le réseau qu'on peut établir entre ces éléments. (…) une sorte – disons – de formation, qui, à un moment historique donné, a eu pour fonction majeure de répondre à une urgence. Le dispositif a donc une fonction stratégique dominante.[28]

*Ang pangdaigdigang governmentality ng pagbabago ng klima*

Dahil sa pagtingin sa pagbabago ng klima bilang pambihira at pangdaigdigang banta sa sangkatauhan may sariling dispositif ito. Sa antas na international, ang itong dispositif ay batay sa United Nations Framework Convention on Climate Change at ang dalawang treaty na nakasakop diyan: ang 1997 Kyoto Protocol at ang 2015 Paris Agreement. Nagbibigay ang mga ito ng mga regulatoryo at normatibong utos para sa mitigation at adaptation batay sa agham at ebidensya ng IPCC. Ang mga utos na ito ay ang obligasyon (dahil binding ito sa 1997 Kyoto Protocol at 2015 Paris Agreement) ng mga iba't ibang bansa na magbawas ng pagbulusok ng greenhouse gas. Mayroon ding mahigpit na rekomendasyon upang tipirin ang mga sink at reservoir ng mga ganitong gas, itaguyod ang adaptation, palakasin ang mga mekanismo na pangtugon sa mga epekto ng pagbabago ng klima (lalo na ang mga pinakamatinding bantang panganib), at idagdag ang mga aksyon sa edukasyon.

Ang unibersal na kaugnayan ng itong mga normatibong utos ay nabigyang-katarungan sa ngalan ng mga karapatang pantao dahil kinabukasan ng

[27] Michel Foucault, "Les Rapports de Pouvoir Passent à l'Intérieur des Corps," *La Quinzaine Littéraire* 247 (1977): 4-6.

[28] '*A thoroughly heterogeneous ensemble consisting of discourses, institutions, architectural forms, regulatory decisions, laws, administrative measures, scientific statements, philosophical, moral and philanthropic propositions – in short, the said as much as the unsaid. Such are the elements of the apparatus. The apparatus itself is the system of relations that can be established between these elements. (…) a sort of – shall we say – formation which has as its major function at a given historical moment that of responding to an urgent need. The apparatus thus has a dominant strategic function*'. From the English version translated by Colin Gordon and published by Pantheon Books in 1980.

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

sangkatauhan ang pinag-uusapan dito. Ito ay parang raison du monde na mas mataas kaysa raison d'état ni Foucault.[29] Kaya matindi at malupit ang mga mekanismo pang reporting at accountability para sa mga gobyerno na pumirma sa 1997 Kyoto Protocol at ang 2015 Paris Agreement, lalo na ang Pilipinas. Ang itong mga mekanismo pang reporting at accountability ay nakatali sa mekanismong pagpopondo at iba pang political string ng mga neoliberal na polisiya na nagpapatawan ng mga Kanluraning bansa at ng kanilang mga kakamping international organization. Malinaw sa United Nations Framework Convention on Climate Change na ang huwad na dibisyon sa pagitan ng tila ligtas ng Kanluran at ng mga higit na delikadong ibang lugar sa mundo ay batay para sa paggagabay ng Kanluran, lalo na dahil may kasalanan ang Kanluran sa pagkalat ng greenhouse gas. Ayon sa 2015 Paris Agreement:

> Developed country Parties should continue taking the lead by undertaking economy-wide absolute emission reduction targets. Developing country Parties should continue enhancing their mitigation efforts, and are encouraged to move over time towards economy-wide emission reduction or limitation targets in the light of different national circumstances.

Ang itong huwad na dibisyon sa pagitan ng tila ligtas ng Kanluran na may pananagutan at ng mga higit na 'bulnerableng' ibang lugar sa mundo na 'biktima' ng pagbabago ng klima ay isang malakas na dahilan at salaysay para sa paglilipat ng teknolohiya, pondo at kapasidad na nasa sentro ng 2015 Paris Agreement. Dahil dito, nagbibigay ng suportang teknikal at pinansiyal at iba pang *training* sa mga gobyerno at *NGO* ng mga 'bulnerableng' bansa ang mga Kanluraning gobyerno, *international organisations*, *development bank* at iba pang philanthropic na organisasyon.

*Ang governmentality ng pagbabago ng klima sa antas na national at lokal*

Sa antas na *national at lokal sa Pilipinas*, kinakailangang magsagawa ng *climate change impact assessment*, batay sa mga scenario ng pagbabago ng klima galing sa (Kanluraning) agham.[30] Sa Pilipinas ito ay ayon sa *National Climate Risk Management Framework*.[31] Ang mga *climate change impact assessment* ay ang

[29] Foucault, *Sécurité, Territoire, Population: Cours au Collège de France – 1977-1978.*
[30] Demeritt, *The Construction of Global Warning and the Politics of Science.*
[31] Climate Change Commission at Department of Environment and Natural Resources, *Implementation Plan for the Republic of the Philippines Nationally Determined Contribution (NDC) 2020-*

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

ebidensiya (kadalasan ito ay *quantitative*) ng mga epekto ng pagbabago ng klima at nga mga kayamanan na mayroon (at wala) bilang batayan sa pagdedesisyon. *Political economy* ang tinawag ni Foucault[32] sa perspektibong *econometric* sa pag-*gogovern.* Batay rin ang mga *climate change impact assessment* na ito sa pagbubuo ng normatibong batas at plano para sa *climate change adaptation.* Ito ay malinaw na nakapaloob sa mga layunin ng RA9729 o Climate Change Act of 2009 ng Pilipinas.

Ang layunin ng mga plano na ito ay ang *quadrillage* ng lipunan[33] o ang pag-ayos ng mga bagay-bagay (land-use, infrastruktura, administrasyon o ugali man ng mga tao) sa oras (*time*) at espasyo (*space*) upang maging *rational* at mahigpit ang pabuos? ng mga kayamanan sa konteksto ng mga banta. Para ito sa kaligtasan at kaunlaran ng sangkatauhan.[34]Kaya ang pagpaplano ay nasa sentro ng '*laban*' kontra sa pagbabago ng klima, lalo na sa Pilipinas, o ang pinaka instrumento ng kontrol ng lipunan sa proyekto ng modernidad.[35] Ayon kay Gunder:

> Planning is not just a product of the enlightenment, or modernity, it is fundamentally a child of their foundational metaphysical 'essence'—Western rationality. As such, it is premised on privileging one side of a binary opposition (positive over negative, presence over lack, mind over body, right over left, remedy over poison) and has no scope for ambiguity.[36]

Dahil dito, ang layunin ng mga aksyon para sa *mitigation* at *adaptation* ay ang optimisasyon ng mga kayamanan batay sa mga *climate scenario* sa espisipikong haba ng panahon. Ang isang halimbawa nito ay ang tinatawag ng *managed retreat* sa harap ng pagtaas ng antas ng tubig dagat. Ang itong *retreat* ay malinaw na alegorya sa taktika ng mga militar na pumapasok sa maraming iba't ibang

---

*2030* (Manila / Quezon City: Climate Change Commission at Department of Environment and Natural Resources).

[32] Foucault, *Sécurité, Territoire, Population: Cours au Collège de France – 1977-1978.*

[33] Foucault, *Surveiller et Punir.*

[34] David Harvey, *The Urbanization of Capital* (Oxford: Basil Blackwell, 1985); Michael Gunder, "Passionate Planning for the Others' Desire: An Agonistic Response to the Dark Side of Planning," *Progress in Planning* 60, no. 3 (2003): 235-319.

[35] Bent Flyvbjerg, *Rationality and Power: Democracy in Practice* (Chicago: University of Chicago Press, 1998); Oren Yiftachel, "Planning and Social Control: Exploring the Dark Side," *Journal of Planning Literature* 12, no. 4 (1998): 395-406.

[36] Gunder, *Passionate Planning for the Others' Desire*, 238.

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

bahagi ng mga *top-down* at *technocratic* na estratehiya para sa *climate change mitigation* at *adaptation*: '*the fight against climate change*' ayon sa National Adaptation Plan ng Pilipinas.[37] Ang ilan pang halimbawa nito ay ang *fortification* ng baybay dagat upang i-*defend* ang mabaybaying rehiyon ng mundo, o ang pagbubuo ng *warning systems*, at ang *tactical planning* ng *land use* sa harap ng *climate hazards.*

Kadalasan ang ganitong mga batas at plano ay responsabilidad ng isang ahensiya ng gobernyo, katulad ng Climate Change Commission sa Pilipinas. Ang mga ito ay ang batayan ng *dispositif* para sa pagbabago ng klima. Gayumpaman, dahil sa pambihirang kahalagahan ng banta para sa sangkatauhan, pumasok din ang pagbabago ng klima sa mga iba't ibang bahagi ng lipunan at gobyerno katulad ng edukasyon, kalusugan, pagsasaka at pangungubat, pangingisda, industrya at iba pa. Ayon sa RA9729 sa Pilipinas:

> it is hereby declared the policy of the State to systematically integrate the concept of climate change in various phases of policy formulation, development plans, poverty reduction strategies and other development tools and techniques by all agencies and instrumentalities of the government.

Samakatuwid, mayabong na lupa ang pagbabago ng klima at ang kanyang *dispositif* para sa mga normatibo at disiplinaryong mekanismo ng pagpapasuko na nasa ilalim ng modernong uri ng *government* na tinatawag na *governmentality.* Sa isang bahagi, pinangako nito ang kamalayan mula sa mga banta ng kalikasan. Sa kabilang bahagi, nagpapataw ito ng normatibong ugali pag dating sa pang-araw-araw na buhay, tungkol sa paggamit ng tubig o kuryente o pagkain o kalusugan man. Pumapasok sa katawan ng mga taumbayan ang ganitong mga utos kapag kinakailangan matutong magpatay ng ilaw o magsara ng gripo upang magtipid ng kuryente o tubig. Dahil sa pag-uulit ng mga utos na ito nagiging sentido kumon ang mga ganiitong ugali. Mas malalim pa ang impluwensiya ng mga utos na ito sa katawan ng mga tao kapag may *Malthusian* na argumento: halimbawa sa ikalawang *National Communication to the United Nations Framework Convention on Climate Change* ng gobyerno ng Pilipinas kung saan may kapamigatan sa paglaki ng populasyon bilang salik ng pagbabago ng klima at ng kanyang epekto sa lipunan. Kaya kailangan kontrolin ang

[37] Climate Change Commission at Department of Environment and Natural Resources, *National Adaptation Plan of the Philippines 2023-2050*, 43.

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

pagyabong ngayon upang bawasan ang paglaganap ng *greenhouse gas* sa hinaharap. *Social orthopaedics* ang tinatawag ni Foucault[38] sa ganitong proseso kapag '*les rapports de pouvoir passent à l'intérieur des corps*.'[39] Sa huli, nagsusuko ang mga taumbayan sa normatibong talastasan tungkol sa pagbabago ng klima na galing sa Kanluraning agham.

## Ang Ilusyon ng mga Alternatibong Aksyon sa Komunidad

Ang sinusundan na makapangyarihan na talastasan ay napunanan ng kasabay na talastasan tungkol sa *inclusion* ng mga pinaka bulnerableng taumbayan sa banta ng pagbabago ng klima. Pumasok sa polisiya at aksyon ang utos na *inclusive* dapat ang *adaptation* sa pagbabago ng klima. Ito ay ang tinatawag na *'community-based/led/managed' climate change adaptation.* Halimbawa, malinaw sa United Nations Framework Convention on Climate Change na may utos para sa *participation* at *inclusion* ng mga katutubo, migrante, taong may kapansanan, kabataan at kababaihan na may label na bulnerable. Gayundin sa RA9729 ng Pilipinas at sa National Adaptation Plan 2023 – 2050[40] kung saan may pokus sa antas ng komunidad at sa kahirapan, kabataan at kababaihan. Laganap din ang inclusion ng mga grupo na ito sa mga prioridad at aksyon ng mga lokal at *international* na *NGO* at iba pang *Civil Society Organisation.*

Simple lamang ang katuwiran sa *inclusion* ng mga grupo ito at ng lahat ng mga taumbyan sa *adaptation* sa pagbabago ng klima:

1/ Ang mga taumbayan, lalo na ang mga bulnerableng tao, ang pinakamatatamaan ng pagbabago ng klima at sila ang unang 'linya ng depensiya' sa harap ng mga banta ng kalikasan.

2/ May kapasidad ang taumbayan. Hindi sila mahina pagdating sa *adaptation* sa pagbabago ng klima.

[38] Foucault, *Surveiller et Punir.*

[39] '*power affects the body*'. From the English edition translated by Jeanine Herman and published by Semiotext(e) in 1989; Foucault, *Les Rapports de Pouvoir Passent à l'Intérieur des Corps*, 4.

[40] Climate Change Commission at Department of Environment and Natural Resources, *National Adaptation Plan of the Philippines 2023-2050*, 43.

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

3/ Pinaka interesado sa adaptation ang taumbayan dahil ang kanilang buhay at kabuhayan ang matatamaan ng pagbabago ng klima.

Napansin at nasama agad ang prayoridad na ito ng mga *international organisation* at *NGO*, lalo na sa Pilipinas, dahil magkaantabay ang pagputok ng pagbabago ng klima sa arenang politikal at ang malawak na talastasan tungkol sa *inclusion* sa kaunlaran noong dekada 80 at 90. Sa ganitong punto de bista, may parang pinagsamang pagpansin sa mga dalawang magkabila ng *mnemonic* '*disaster = hazard x vulnerability*.' Kung baga ito ay parang *synthesis* ng ilang dekada ng pag-aaral sa mga larangan ng pananaliksik tungkol sa kaunlaran, kalamidad at klima, patungo sa makasaysayang pakikipagsapalaran sa *reason* ni Hegel.

Nangangako itong *synthesis* sa teorya. Kaya lang ang kanyang paggamit sa mga aksyon para sa *adaptation* sa pagbabago ng klima ay katulad ng mga normatibong utos na tinalakay natin kanina. Kaya pinatibay lamang nito ang Kanluraning *governmentality* bilang makapangyarihang uri ng *government*. Ito ay malinaw sa apat na aspekto, lalo na sa National Adaptation Plan 2023 – 2050 ng Pilipinas.[41]

Pang-una, ang pagkakaintindi sa 'komunidad' ay pamana ng Europeanong konsepto, lalo na ang kahulugan ni Tönnies[42] nong ikalabingsiyam na siglo. Ang kahulugan na ito ang ginagamit ng karamihan ng mga *NGO* at *international organisation* na kung saan ang mga komunidad ay lokal na '*homogenous entities*.'[43] Malawak ang kritika sa ganitong punto de bista dahil hindi ito wasto sa realidad ng mundo sa labas ng Kanluran.[44] Ayon kay Chambers: '*local contexts are complex*,

[41] Climate Change Commission at Department of Environment and Natural Resources, *National Adaptation Plan of the Philippines 2023-2050*, 43.

[42] Ferdinand Tönnies, *Gemeinschaft and Gesellschaft* (Leipzig: Fues's Verlag, 1887).

[43] Terry Cannon, "The Myth of Community?" in *World Disaster Report 2014: Focus on Culture and Risk*, ed. International Federation of Red Cross and Red Crescent Societies (Geneva: International Federation of Red Cross and Red Crescent Societies, 2014), 93-119; Alexandra Titz, Terry Cannon and Fred Krüger, "Uncovering 'Community': Challenging and Elusive Concept in Development and Disaster Related Work," *Societies* 8, no. 71 (2018): doi:10.3390/soc8030071.

[44] Arun Agrawal and Clark C. Gibson, "Enchantment and Disenchantment: The Role of Community in Natural Resource Conservation," *World Development* 27, no. 4 (1999): 629-649; Piers Blaikie, "Is Small Really Beautiful? Community-Based Natural Resource Management in Malawi and Botswana," *World Development* 34, no. 11 (2006): 1942-1957; Frances Cleaver, Paradoxes of Participation: Questioning Participatory Approaches to Development," *Journal of International Development* 11, no. 4 (1999): 597-612; Irene Gujit and Meera Kaul Shah, *The Myth of Community:*

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

*diverse and dynamic. The reductionism of collective nouns misleads: 'community' hides many divisions and differences*'.[45]Ito ang tinatawag ng '*myth of community*'[46] kung saan ay walang pansin sa hindi patas na relasyon ng kapangyarihan sa pinaka lokal na antas at sa pagitan ng lokal at *global*.[47]

Pangalawa, ang sentro ng mga aksyon para sa *adaptation* sa pagbabago ng klima ay batay sa pagpaplano pa rin para sa kinabukasan: ang tinatawag na *community adaptation plan*. Binanggit natin kanina kung paano naging Kanluraning instrumento ng kontrol ang pagpaplano na ito. Ito ay ang pinaka abenida patungo sa *quadrillage* ng lipunan na nasa sentro ng proyekto ng modernidad. Ang layunin ng mga *community adaptation plan* ay *rationalisation* pa rin ng espasyo (*space*) at oras (*time*) katulad ng mga plano sa antas ng *national*. Kaya ang '*community-based/led/managed' climate change adaptation* ay malinaw na halimbawa pa rin ng dialektika sa pagitan ng kalayan at kontrol na pinasikat ni Foucault.[48] Sa likod ng pangako ng ligtas at maunlad na buhay may kontrol at disiplina.

Pangatlo, batay pa rin sa ebidensiya dapat ang mga *community adaptation plan*. Kadalasan mas mabuti, malakas at mabisa kung *quantitative* ang mga ebidensiya. Ito ang tunay na katotohanan at *reason* ayon sa proyekto ng modernidad.[49] Itong paghahanap sa katotohanan ay ang tinawag ni Constantino[50] '*worship of*

---

*Gender Issues in Participatory Development* (Rugby: Intermediate Technology Publications, 1998); Caroline O. Moser, "Community Participation in Urban Projects in the Third World," *Progress in Planning* 32, no. 2 (1989): 71-133.

[45] Robert Chambers, "Foreword," in *The Myth of Community: Gender Issues in Participatory Development*, eds. Irene Gujit and Meera Kaul Shah (Rugby: Intermediate Technology Publications, 1998), xviii.

[46] Gujit and Shah, *The Myth of Community*.

[47] Zenaida Delica-Willison, Loreine dela Cruz and Fatima G.J. Molina, "Communities Doing Disaster Risk Reduction Including Climate Change Adaptation," in *The Routledge Handbook of Disaster Risk Reduction Including Climate Change Adaptation*, eds. Ilan Kelman, Jessica Mercer and JC Gaillard (Abingdon: Routledge, 2017), 340-351; Roger Few, Katrina Brown and Emma L. Tompkins, "Public Participation and Climate Change Adaptation: Avoiding the Illusion of Inclusion," *Climate Policy* 7, no. 1 (2007): 46-59.

[48] Michel Foucault, *La Naissance de la Biopolitique: Cours au Collège de France – 1978-1979* (Paris: Ecole des Hautes Etudes en Sciences Sociales / Gallimard / Editions du Seuil, 2004).

[49] Horkheimer and Adorno, *Dialektik der Aufklärung; Foucault, Sécurité, Territoire, Population.*

[50]Renato Constantino, *Neocolonial Identity and Counter-Consciousness: Essays on Cultural Decolonization* (White Plains: M.E. Sharpe Inc., 1978), 283.

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

*"objectivity."* Samakatuwid, ang pagpaplano sa komunidad bilang aksyong politikal ay nagagabayan ng ekonomiya (sa punto de bista ni Foucault). Ibig sabihin nito na ang mga aksyon patungo sa *adaptation* ay batay sa lokal na pangangailangan at kayamanan at nababantay ang mga ito sa possibilidad na mangangailangan ng pagsasaayos.

Pang-apat, ang ganitong paghahanap sa katotohanan ay pinadali at pinagtibay ng proseso ng *accountability* sa mga *donor* na ahensya. Kalakip ng *rationalization* na ito ng *monitoring* at *evaluation* ng epekto ng mga plano. Ayon kay Edwards and Hulme: "*the type of appraisal, monitoring and evaluation procedures insisted on by donors, especially their heavy reliance on "logical framework" approaches and bureaucratic reporting, may also distort accountability by overemphasising short-term quantitative targets, standardising indicators, focusing attention exclusively on individual projects or organisations, and favouring hierarchical management structures."*[51] Ito ay isa pang halimbawa ng kontrol at disiplina sa *adaptation* sa pagbabago ng klima kahit nasa antas ng komunidad o sa *national* o *global* man.

Batay sa apat na kadahilanan na ito madaling sabihin na walang bago sa utos para sa *inclusion* sa *adaptation* sa pagbabago ng klima. Ito ay isang bagong pabalat lamang para sa normatibo at regulatoryong *governmentality* ng pagbabago ng klima. Ang bagong pabalat na ito ay normatibo mula sa baba at hindi na normatibo mula sa taas. Gayunman, instrumento pa rin ito ng imperyalismo ng Kanluranin, lalo na ng kanyang bagong *neoliberal* na talastasan.

[51] Michael Edwards and David Hulme. *Non-Governmental Organisations – Performance and Accountability: Beyond the Magic Bullet* (London: Earthscan, 1995), 13.

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

## Ang Pagbabago ng Klima at ang Kanluraning Imperyalismo

Ang ganitong normatibo at regulatoryong pagtingin sa pagbabago ng klima, lalo na sa Pilipinas, ay nagmula sa monolitik na uri ng agham na nasa kamay ng IPCC, na ang isalang ang pangdaigdigan na institusyon. Kaya *standardised* ang mga polisiya at aksyon dahil isa lamang ang boses na may kapangyarihan pagdating sa payo at rekomendasyon tungkol sa pagbabago ng klima. Ayon kay Demeritt: '*the substance of scientific consensus on global climate change is not as important as the fact that agreements among international community of scientific investigators has enabled them to enrol governments around the world to binding GHG emission reductions.*"[52]

### *Ang hegemoniya ng Kanluraning talastasang tungkol sa pagbabago ng klima*

Ang ganitong monolitik at autoratibong salaysay ng agham ay nagpatibay ng *quantitative* at normatibong uri ng ebidensya, sa punto de bista ni Canguilhem,[53] at ang kunwaring katotohanan ng ganitong ebidensya. Naging lehitimo ang ganitong katotohanan dahil sa *positivist* na epistemolohiya at hegemoniko at Kanluraning talastasan ng neoliberalismo. Sinabi ni Lyotard:[54]

> c'est toute l'histoire de l'impérialisme culturel depuis les débuts de l'Occident. Il est important d'en reconnaitre la teneur, qui le distingue de tous les autres: il est commandé par l'exigence de legitimation.[55]

Muli, hindi natin nais hamunin ang realidad ng pagbabago ng klima at ng kanyang epekto para sa taumbayan na kanyang kinakaharap sa araw-araw. Mahalaga ang mga ito. Ang ating pag-aalala ay ang hegemonya ng isang tradisyon ng agham at mas malawak na talastasan na nagmula sa Kanluran at sa *Enlightenment* o, ayon kay Lyotard,[56] kapag '*les jeux du langage scientifique vont*

---

[52] Demeritt, *The Construction of Global Warning and the Politics of Science*, 308.

[53] Canguilhem, *Le Normal et le Pathologique.*

[54] Lyotard, *La Condition Postmoderne*, 48.

[55] '*It is the entire history of cultural imperialism from the dawn of Western civilization. It is important to recognize its special tenor, which sets it apart from all other forms of imperialism: it is governed by the demand for legitimation*'. From the English edition translated by Geoff Bennington and Brian Massumi and published by the University of Minnesota Press in 1984.

[56] Lyotard, *La Condition Postmoderne*, 74.

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

*devenir des jeux de riches, où le plus riche a le plus de chances d'avoir raison*.'[57] Kaya hindi narinig o napabayaan man ang mga alternatibong pagkakaintindi at pagtugon sa pagbabago sa klima, halimbawa sa mga iba't ibang sulok ng Pilipinas. Ito ay problema lalo kapag ang hegemonikong talastasan ay nanggagaling sa mga bansang kolonyal at sa kanilang mga kakamping organisasyon. Samakatuwid, ang ganitong kalagayan ay karugtong ng kolonyal na pamana na nagpatibay sa hindi patas na relasyon ng kapangyarihan sa pagitan ng iilang bansa lamang (karamihan sa kanila may parehong pamana galing sa Europa) at ng karamihan ng iba. Kaya tama si Gramsci[58] sa sinabi niya na '*ancora una volta la "scienza" era rivolta a schiacciare i miseri e gli sfruttati*'.[59]

Kalakip nito ang isyu ng *representation* at *re-presentation* sa wikang Ingles.[60] Kumatawan ba ng mga libu-libung iba't ibang karanasan ng kanilang mga taumbayan ang mga boses ng mga ilang malakas na kalahok ng mga bansa sa lampas ng Kanluran katulad ng Pilipinas na sumusuporta sa hegemonikong talastasan tungkol sa pagbabago ng klima kung saan ay nawawala ang kanilang mga isla? O nagbibigay nga ba ng katwiran ang mga ito sa mga *external* na interbensyon na naggigiit ng normatibo at regulatoryong *mitigation* at *adaptation*? Nakatutulong ba ang ambag sa IPCC ng maraming mananaliksik na galing sa bansa na nasa labas ng Kanluran kapag sumusunod sila (kahit sinasadya nila o hindi) sa Kanluraning ontolohiya at epistemolohiya pagdating sa pag-aaral tungkol sa klima? O token na pagbibigay ng Kanluran ba ang mga boses na ito upang siguraduhin ang global na pag-sang-ayon, sa salita ni Gramsci, sa *governmentality* ng pagbabago ng klima at sa mas malawak na proyekto ng modernidad at ng kanyang sakaling unibersal na kahalagahan? Kung ganon, tama ba si Spivak noong sinabi niya na '*the putative center welcomes selective inhabitants of the margin in order better to exclude the margin. And it is the*

[57]'*The games of scientific language become the games of the rich, in which whoever is wealthiest has the best chance of being right*'. From the English edition translated by Geoff Bennington and Brian Massumi and published by the University of Minnesota Press in 1984.

[58] Antonio Gramsci, "Alcuni temi della questione meridionale," *Lo Stato Operaio* 4, no. 1 (1930): 12.

[59] '*Once again, "science" was used to crush the wretched and exploited*'. From the English edition translated by Quintin Hoare and published by Lawrence & Wishart in 1977.

[60]Gyan Prakash, "Subaltern Studies as Postcolonial Criticism," *The American Historical Review* 99, no. 5 (1994): 1475-90; Gayatri Chakravorty Spivak, *In Other Worlds: Essays in Cultural Politics* (London: Methuen Publishing, 1987), 145; Gayatri Chakravorty Spivak, *In Other Worlds: Essays in Cultural Politics* (London: Methuen Publishing, 1987), 145.

© 2025 JC Gaillard

*center that offers the official explanation; or, the center is defined and reproduced by the explanation that it can express.'*[61]

Kaya ang huwad na dibisyon sa pagitan ng tila nagpaparumi at may kasalanan na Kanluran (at ibang malakas na bansa katulad ng Tsina at Hapon) at ng mga higit na 'biktima' at delikadong ibang lugar sa mundo na nanggaling sa talastasan tungkol sa pagbabago ng klima at na malinaw sa 2015 Paris Agreement ay nag-aambag sa isang talastang ng alteridad na nagbibigay ng katwiran sa Kanluraning agham at ang imperyalistang interbensyon upang sagipin ang mga bansa labas sa Kanluran katulad ng Pilipinas.[62] Samakatuwid, hindi lang ginagamit ng talastan at *governmentality* tungkol sa pagbabago ng klima ang dibisyon sa pagitan ng hilaga at timog. Pinagtibay pa ito sa pangalan ng unibersal na proyekto ng modernidad at ang kanyang mga utos at inaasahan pagdating sa agham, teknolohiya at karapatan pangtao. Nong 1978 pa, hinamon ni Foucault ang ganitong imperyalismo:

> The third and last is the movement by which, at the end of the colonial era, people began to ask the West what rights its culture, its science, its social organization and finally its rationality itself could have to laying claim to a universal validity: is it not a mirage tied to an economic domination and a political hegemony? Two centuries later the Enlightenment returns: but not at all as a way for the West to become conscious of its actual possibilities and freedoms to which it can have access, but as a way to question the limits and powers it has abused. Reason – the despotic Enlightenment.[63]

*Ang pagbabago ng klima bilang instrumento ng Kanluraning imperyalismo*

Samakatuwid, ang governmentality ng pagbabago ng klima ay ang isang bagong instrumento ng Kanluraning imperyalismo. Ginagamit nito ang materyal na realidad ng pagbabago ng klima at ng kanyang epekto upang

[61] Gayatri Chakravorty Spivak, *In Other Worlds: Essays in Cultural Politics* (London: Methuen Publishing, 1987), 145.

[62] Greg Bankoff, "Rendering the World Unsafe: 'Vulnerability' as a Western Discourse," *Disasters* 25, no. 1 (2001): 19-35; Bankoff, *Remaking the World in our Own Image.*

[63] Michel Foucault, "Introduction," in *On the Normal and the Pathological*, Georges Canguilhem (Dordrecht: Reidel Publishing Company, 1978), xii.

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

maigiit ang normatibo at regulatoryong agenda sa ibat ibang lugar sa mundo, halimbawa sa Pilipinas.

Kaugnay sa ideolohiyang *liberal* ang ganitong agenda. Patatagalin nito ang layunin ng proyekto ng modernidad na nagmula noong ikalabingwalong siglo. Ang layunin na ito ay upang mapalaya ang taumbayan sa banta ng kalikasan para mapaunlad ang kanilang kalagayan. Samantala, ang proyekto ng modernidad ay naggigiit ng disiplina at kontrol na nasa sentro ng ideolohiyang liberal ayon kay Foucault.[64] Kaya nabuhay ulit ang ideolohiya na ito dahil sa biglaang pagputok ng pagbabago ng klima sa arenang politikal noong dekada 80 dahil nagkaroon ng bagong banta sa sangkatauhan. Bukod pa rito, kasabay ito sa muling pagkabuhay ng bagong bersiyon ng liberalismo o neoliberalismo bilang unibersal na ideolohiya. Nakapaloob dito ang malakas na epekto ng *dispositif* para sa pagbabago ng klima sa pagpaplanta ng *neoliberal* na ideya sa katawan at utak ng taumbayan habang naniniwala sila na sinasagip nila ang mundo. Kahit totoo man na nasa kontrol pa rin ito ng neoliberalismo.

Ang mahalagang diin ng talastasan tungkol sa pagbabago ng klima sa ugali ng taumbayan at ang kanyang utos na kailangan palitan ang mga hindi tamang ugali upang sagipin ang mundo ay ilipat dapat ang responsibilidad sa tao. Tagatulak at *monitor* sa pabulusok ng *greenhouse gas* lamang ang responsibilidad ng estado. Samakatuwid, wasto rito ang tinatawag na *'community-based/led/managed' climate change adaptation* upang suportahan ang *neoliberal* na tungkulin ng *governmentality* ng pagbabago ng klima.[65]

Dahil dito perpektong abenida ang *dispositif* ng pagbabago ng klima para sa imperyalistang agenda ng neoliberalismo.[66] Ang pangdaigdigang banta ng pagbabago ng klima ay isang malakas na mensahe na mahirap hamunin. Ito ay isang bagong *raison du monde*. Dahil sa kanyang responsibilidad at dahil din sa natatanging solusyon sa problema ang kanyang agham at teknolohiya ang Kanluran ay ang malinaw na lider at ang *governmentality* ay ang pinaka uri ng *government* para sa implementasyon nito. Mula rito, madaling ipakalat sa lahat

---

[64] Foucault, *La Naissance de la Biopolitique*.

[65] Bankoff, *Remaking the World in our Own Image*.

[66] Smith, *Uneven Development*; Romain Felli and Noel Castree, "Neoliberalising Adaptation to Environmental Change: Foresight or Foreclosure?" *Environment and Planning A* 44, no. 1 (2012): 1-4.

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

ng mga sektor ng lipunan ang talastasan tungkol sa pagbabago ng klima. Malinaw ito sa kasalukuyang kahalagahan ng pagbabago ng klima sa salaysay ng mga lokal na NGO at pribadong sektor sa Pilipinas. Kakampi rin dito ang mga *media*, popular na kultura (pelikula, nobela, *video games*), paaralan at iba pa. Dahil sa dami ng mga pinanggalingan at repetibong uri ng mga utos ng talastasan tungkol sa pagbabago ng klima sa lahat ng taumbayan, ito ay nagiging sentido kumon. Kaya kamukha ang ganitong kalagayan sa sinabi ni Fanon[67] sa *Peau noire, masques blancs*:

> (…) il y a une constellation de données, une série de propositions qui, lentement, sournoisement, à la faveur des écrits des journaux, de l'éducation, des livres scolaires, des affiches, du cinéma, de la radio, pénètrent un individu – en constituant la vision du monde de la collectivité à laquelle il appartient. Aux Antilles cette vision du monde est blanche parce que qu'aucune expression noire n'existe.[68]

Ito ay isang larawan ng hegemoniya ayon kay Gramsci. Ang Kanluraning talastasan tungkol sa pagbabago ng klima ay nagpatibay ng kunwaring depinidong ebidensya ng Kanluraning agham at ng pagtingin sa bantang ito bilang pinakamahalaga para sa kinabukasan ng sangkatauhan. Ang talastasan na ito ay laging nababahagi sa buong mundo ng mga intelektual katulad ng mga iskolar, *media* at sikat na tao sa popular na kultura hanggang sa ito ay maging sentido kumon na. Sinabi ni Spivak[69] na '(…) *the devout colonial subject, decent dupe of universalism, thinks to learn the trick perfectly*.'

## Ang Pagbabago ng Klima at ang Pagkamatay ng Proyekto ng Modernidad

Bubuhaying muli ang proyekto ng modernidad bilang proyekto na may pandaigdigang kahalagahan at isang oportunidad upang bumalik sa ugat ng proyektong ito at sa dibisyon sa pagitan ng kalikasan at kultura. Kung gusto nating maging maunlad sa buhay na walang banta ayon sa mga prinsipyo ng

[67] Franz Fanon, *Peau Noire, Masques Blancs* (Paris: Editions du Seuil, 1952), 124.

[68] '*there is a constellation of postulates, a series of propositions that slowly and surely-with the help of books, newspapers, schools and their texts, advertisements, films, radio-work their way into one's mind and shape one's view of the world of the group to which one belongs.15 In the Antilles that view of the world is white*'. From the English edition translated by Charles Lam Markmann and published by Pluto Press in 1986.

[69]Gayatri Chakravorty Spivak, "The Burden of English," in *Orientalism and the Postcolonial Predicament: Perspectives on South Asia*, eds. Carol A. Breckenridge and Peter van der Veer (Philadelphia: University of Pennsylvania Press, 1993), 144.

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

*Enlightenment* kailangan nating pansinin ang pinakabanta sa lahat: ang pagbabago ng klima. Noong pagtatapos ng ikadalawampung siglo, naging malinaw na naubusan na ang traksyon ng proyekto ng modernidad. Naging *commodified* na ang kalikasan at hindi na gaanong klaro ang kanyang kasarinlan sa kultura. Kaya naging mas maingay ang mga kritika ng modernidad sa landas nila Horkheimer at Adorno[70] at kumalat ang ganitong mga kritika sa sining at popular na kultura[71], arkitektura at pagpaplano[72] at agham.[73] Malinaw ang paglihis na ito at ang pagkamatay ng proyekto ng modernidad sa pag-unlad ng mga postmodernong ideya noong dekada 70 at 80.

Dahil dito, nakatulong sa Kanluran ang pagbabago ng klima upang mabuhay at mapatibay ulit ang proyekto ng modernidad at ang kanyang imperyalista at *neoliberal* na agenda. Ito ay naging karugtong sa pamana ng kolonyalismo sa kolonyalidad ng kapangyarihan ni Quijano.[74] Ayon kay Quijano[75] ang kolonialidad ay:

> una estructura de dominación/explotación, donde el control de la autoridad política, de los recursos de producción y del trabajo de una población determinada lo detenta otra de diferente identidad, y cuyas sedes centrales están, además, en otra jurisdicción territorial.[76]

Ayon nga kay Quijano[77] at Mignolo[78] magkaugnay ang modernidad at kolonyalidad, kaya kapag patitibayin ang isa, tumitibay rin ang kabila. Maunlad ang Europa dahil sa kolonyalismo at sa pagkuha ng kayamanan at tao. Binuo rin

---

[70] Horkheimer and Adorno, *Dialektik der Aufklärung*.
[71] Hal Foster, *The Anti-Aesthetic: Essays on Postmodern Culture* (Port Townsend: Bay Press, 1983).
[72] David Harvey, *The Condition of Postmodernity* (Cambridge: Blackwell, 1989).
[73] Paul Feyerabend, *Against Method: Outline of an Anarchistic Theory of Knowledge* (London: Verso, 1975); Paul Feyerabend, *Farewell to Reason* (London: Verso, 1987); Bruno Latour and Steve Woolgar, *Laboratory Life: The Construction of Scientific Facts* (Princeton: Princeton University Press, 1979).
[74] Anibal Quijano, "Colonialidad y Modernidad/Racionalidad," *Perú Indigena* 13, no. 29 (1992): 11-20.
[75] Anibal Quijano, "Colonialidad del Poder y Clasificacion Social," *Journal of World-Systems Research* 1, no. 2 (2000): 381.
[76] '*a structure of domination/exploitation, where the control of the political authority, means of production, and labour of a given population is exercised by another population who claims a different identity and whose government is located in another territorial jurisdiction*'. Our translation.
[77] Anibal Quijano, "Coloniality of Power and Eurocentrism in Latin America," *International Sociology* 15, no. 2 (2000a): 215-232.
[78] Walter D. Mignolo, *The Darker Side of Western Modernity: Global Futures, Decolonial Options* (Durham: Duke University Press, 2010.

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

ng kolonyalismo ang huwad na dibisyon ng mundo sa pagitan ng mga tradisyunal o *retarded* na lugar at, sa kabila, ang isang maunlad at *advanced* na Europa at ang kanyang mga *off-shore* na *settlement.* Naging batayan ng pagkalehitimo ng Europa ang ganitong larawan ng kaibahan at hindi patas na abilidad 'maunlad' na lumabas noong ikalabinganim at ikalabingpitong siglo. Pagkatapos ng isang siglo, ito ay naging pagkalehitimo rin ng proyekto ng modernidad at ng *governmentality.* Ang kahalagahan nito ay naging unibersal. Pinakita nila Escobar[79] at Bankoff[80] kung paano naging sagip sa mga iba't ibang problema ng mundo, kahit sakit, kahirapan, bantang panganib o terorismo man, ang Kanluraning proyekto ng modernidad, lalo na ang kanyang agham at teknolohiya. Sa kasalukuyan, ganito ang layunin ng talastasan tungkol sa pagbabago ng klima.

Sa wakas, hindi ibig sabihin nito na hindi nagbabago ang klima. Ang pagbabago nga ng klima ay isang mahalagang isyu para sa mundo. Hindi rin ibig sabihin sa ating argumento na hindi importante ang Kanluraning agham kung saan siya ay wasto sa lokal na pananaw. Ang ating pangamba ay ang pagkalat ng Kanluraning agham at *governmentality* sa buong mundo, lalo na sa lugar katulad ng Pilipinas kung saan hindi wasto ang mga ito sa lokal na pananaw, lalo na pag ang ganitong agenda ay upang magpatibay sa imperyalismo ng neoliberalismo. Ang paniniwala natin ay may iba't ibang pagkakaintindi sa pagbabago ng klima sa bawat lipunan at kultura sa buong mundo at sa Pilipinas. Katulad ng sinabi ni Quijano,[81] kung *reason* ang pinaka epistemolohiyang batayan ng Kanluraning agham walang mas makatuwiran kaysa paniniwala na may isang katotohanan lamang pagdating sa pagbabago ng klima at, samakatuwid, na may isang uri ng pagtugon lamang katulad ng sinasabi ng normatibong *governmentality* ng pagbabago ng klima.

Dahil dito kailangan ng panibagong balangkas upang maintindihan kung ano ang kabuluhan ng pagbabago ng klima sa mga iba't' ibang lipunan at kalinangan sa Pilipinas. Batay dapat ang mga ito sa tunay na pananaw ng taumbayan sa mundo. Hindi ibig sabihin na *essentialist* o *relativist* ang ating argumento. Sa

[79] Arturo Escobar, *Encountering Development: The Making and Unmaking of the Third World* (Princeton: Princeton University Press, 1995).

[80] Bankoff, *Rendering the World Unsafe*; Bankoff, *Remaking the World in our Own Image.*

[81] Anibal Quijano, *Colonialidad y Modernidad/Racionalidad.*

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

salita nila Bhabha[82] at Glissant,[83] *hybrid* na ang mga kasalukuyang pananaw sa mundo at pagkakaintindi sa mga peligro sa buhay sa mga iba't ibang pook sa Pilipinas. Umiiral nang magkakasama ang  iba't ibang pamana ng panahong prekolonyal, katulad ng sanskrit, kolonyalidad espanyol at amerikano, at ang legado ng kontempoaryong globalisasyon.[84] Samakatuwid, kailangan ng balangkas na sasakop sa mga espasyal at temporal na *fluidity* ng kasalukuyang pagkakaintindi sa pagbabago ng klima sa bawat pook at kalinangan sa Pilipinas. Ito ay isang agenda *postcolonial*, lampas sa hegemoniko at imperyalistang talastasan at *governmentality* ng Kanluran. ✷

[82] Homi K. Bhabha, *The Location of Culture* (London: Routledge, 1994).
[83] Edouard Glissant, *Traité du Tout-Monde* (Paris: Gallimard, 1997).
[84] Gaillard, *Tárak yé king Dápu!*

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

## Mga Sanggunian

Agrawal, Arun, and Clark C. Gibson. "Enchantment and Disenchantment: The Role of Community in Natural Resource Conservation." *World Development* 27, no. 4 (1999): 629-649.

Bankoff, Greg. "Rendering the World Unsafe: 'Vulnerability' as a Western Discourse." *Disasters* 25, no. 1 (2001): 19-35.

________. " Regions of Risk: Western Discourses on Terrorism and the Significance of Islam." *Studies in Conflict & Terrorism* 26, no. 6 (2003): 413-428.

________. "Remaking the World in our Own Image: Vulnerability, Resilience and Adaptation as Historical Discourses." *Disasters* 43, no. 2 (2019): 221-239.

Bhabha, Homi. *The Location of Culture*, London: Routledge, 1994.

Blaikie, Piers. "Is Small Really Beautiful? Community-Based Natural Resource Management in Malawi and Botswana." *World Development* 34, no. 11 (2006): 1942-1957.

Canguilhem, Georges. *Le Normal et le Pathologique*, Paris: Presses Universitaires de France, 1966.

Cannon, Terry. "The Myth of Community?" In *World disaster report 2014: focus on culture and* risk. Edited by International Federation of Red Cross and Red Crescent Societies. Geneva: International Federation of Red Cross and Red Crescent Societies, Geneva, 2014.

Castree, Noel. "Unfree Radicals: Geoscientists, the Anthropocene, and Left Politics." *Antipode* 49, no. S1 (2017): 52-74.

Chakrabarty, Dipesh. *Provincializing Europe: Postcolonial Thought and Historical Difference*, Princeton: Princeton University Press, 2000.

________. *The Climate of History in a Planetary Age*, Chicago: The University of Chicago Press, 2021.

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

Chambers, Robert. “Foreword.” In *The myth of Community: Gender Issues in Participatory Development.* Edited by I. Gujit and M.K. Shah. Rugby: Intermediate Technology Publications, 1998.

Cleaver, Frances. “Paradoxes of Participation: Questioning Participatory Approaches to Development.” *Journal of International Development* 11, no. 4 (1999): 597-612.

Constantino, Renato. *Neocolonial Identity and Counter-Consciousness: Essays on Cultural Decolonization.* White Plains: M.E. Sharpe Inc., 1978.

Delica-Willison, Zenaida, Loreine dela Cruz, and Fatima Gay J. Molina “Communities Doing Disaster Risk Reduction Including Climate Change Adaptation.” In *The Routledge Handbook of Disaster Risk Reduction Including Climate Change Adaptation.* Edited by I. Kelman, J. Mercer and J.C. Gaillard. Abingdon: Routledge, 2017.

Demeritt, David. “The Construction of Global Warning and the Politics of Science.” *Annals of the Association of American Geographers* 91, no. 2 (2001): 307-337.

Edwards, Michael, and David Hulme. *Non-Governmental Organisations – Performance and Accountability: Beyond the Magic Bullet.* London: Earthscan, 1995.

Escobar, Arturo. *Encountering Development: The Making and Unmaking of the Third World.* Princeton: Princeton University Press, 1995.

Fanon, Frantz. *Peau Noire, Masques Blancs.* Paris: Editions du Seuil, 1952.

Felli, Romain, and Noel Castree “Neoliberalising Adaptation to Environmental Change: Foresight or Foreclosure? *Environment and Planning A* 44, no. 1 (2012): 1-4.

Few, Roger, Katrina Brown, and Emma L. Tompkins “Public Participation and Climate Change Adaptation: Avoiding the Illusion of Inclusion.” *Climate Policy* 7, no. 1 (2017): 46-59.

© 2025 JC Gaillard

ISSN 2651-7108

Feyerabend, Paul. *Against Method: Outline of an Anarchistic Theory of Knowledge.* London: Verso, 1975.

________. *Farewell to Reason.* London: Verso, 1987.

Flyvbjerg, Bent. *Rationality and Power: Democracy in Practice.* Chicago: University of Chicago Press, 1998.

Foster, Hal. *The Anti-Aesthetic: Essays on Postmodern Culture.* Port-Townsend: Bay Press, 1983.

Foucault, Michel. *Surveiller et Punir: Naissance de la Prison.* Paris: Gallimard, 1975.

________. "Les Rapports de Pouvoir Passent à l'Intérieur des Corps." *La Quinzaine Littéraire* 247 (1977): 4-6.

________. "Introduction." In *On the Normal and the Pathological.* Edited by G. Canguilhem. Dordrecht: D. Reidel Publishing Company, 1978.

________. *Sécurité, Territoire, Population: Cours au Collège de France – 1977-1978.* Paris: Ecole des Hautes Etudes en Sciences Sociales / Gallimard / Editions du Seuil, 2004a.

________. *La Naissance de la Biopolitique: Cours au Collège de France – 1978-1979.* Paris: Ecole des Hautes Etudes en Sciences Sociales / Gallimard / Editions du Seuil2004b.

Foucault, Michel, Dominique Colas, Alain Grosrichard, Guy Le Gaufey, Jocelyne Livi, Judith Miller, Jacques-Alain Miller, Catherine Millot, and Gérard Wajeman. "Le jeu de Michel Foucault." *Ornicar: Bulletin Périodique du Champ Freudien* 10 (1977): 62-93.

Gaillard, J.C. *The Invention of Disaster: Power and Knowledge in Discourses on Hazard and Vulnerability.* Abingdon: Routledge, 2021.

Gaillard, J.C. "Tárak yé king Dápu! Hybrid na Pagkakaintindi sa Ayun sa Indung Kapampángan." *Banwaan: The Philippine Journal of Folklore* 3, no. 2 (2023): 1-23.

© 2025 JC Gaillard

Glissant, Edouard. *Traité du Tout-Monde,* Paris: Gallimard, 1997.

Gramsci, Antonio. "Alcuni Temi della Questione Meridionale." *Lo Stato Operaio* 4, no. 1 (1930): 9-26.

Gujit, Irene, and Meera K. Shah. *The Myth of Community: Gender Issues in Participatory Development.* Rugby: Intermediate Technology Publications, 1998.

Gunder, Michael. "Passionate Planning for the Others' Desire: An Agonistic Response to the Dark Side of Planning." *Progress in Planning* 60, no. 3 (2003): 235-319.

Habermas, Jürgen. *Der Philosophische Diskurs der Moderne*. Berlin: Suhrkamp Verlag, 1985.

Harvey, David. *The Urbanization of Capital.* Oxford: Basil Blackwell, 1985.

________. *The Condition of Postmodernity.* Cambridge: Blackwell, 1989.

Horkheimer, Max, and Theodor Adorno. *Dialektik der Aufklärung*. Amsterdam: Querido Verlag, 1947.

Intergovernmental Panel on Climate Change. *Climate Change 2014: Impacts, Adaptation, and Vulnerability. Part A: Global and Sectoral Aspects. Contribution of Working Group II to the Fifth Assessment Report of the Intergovernmental Panel on Climate Change.* Cambridge: Cambridge University Press, 2014.

Latour, Bruno, and Steve Woolgar. *Laboratory Life: The Construction of Scientific Facts.* Princeton: Princeton University Press, 1979.

Lyotard, Jean-François. *La Condition Postmoderne: Rapport sur le Savoir*. Paris: Les Editions de Minuit, 1979.

Malm, Andreas. *The Progress of this Storm: Nature and Society in a Warming World.* London: Verso, 2018.

Mignolo, Walter D. *The Darker Side of Western Modernity: Global Futures, Decolonial Options.* Durham: Duke University Press, 2011.

© 2025 JC Gaillard

Moser, Caroline O.N. "Community Participation in Urban Projects in the Third World." *Progress in Planning* 32, no. 2 (1989): 71-133.

Norwegian Nobel Committee. *The Nobel Peace Prize for 2007*. Stockholm: Norwegian Nobel Committee, 2007. https://www.nobelprize.org/prizes/peace/2007/press-release/

Prakash, Gyan. "Subaltern Studies as Postcolonial Criticism." *The American Historical Review* 99, no. 5 (1994): 1475-90.

Quijano, Aníbal. "Colonialidad y Modernidad/Racionalidad." *Perú Indigena* 13, no. 29 (1992): 11-20.

________. "Coloniality of Power and Eurocentrism in Latin America." *International Sociology* 15, no. 2 (2000a): 215-232.

________. "Colonialidad del Poder y Clasificacion Social." *Journal of World-Systems Research* 1, no. 2 (2000b): 342-386.

Smith, Neil. *Uneven Development: Nature, Capital and the Production of Space*. 3rd edition. Athens: The University of Georgia Press, 2008.

Spivak, Gayatri C. *In Other Worlds: Essays in Cultural Politics*. London: Methuen Publishing, 1987.

________. "Can the Subaltern Speak?" In *Marxism and the Interpretation of Culture*. Edited by C. Nelson and L. Grossberg. London: Macmillan, 1988.

________. "The Burden of English." In *Orientalism and the Postcolonial Predicament: Perspectives on South Asia*. Edited by C.A. Breckenridge and P. van der Veer. Philadelphia: University of Pennsylvania Press, 1993.

Titz, Alexandra, Terry Cannon and Fred Krüger. "Uncovering 'Community': Challenging and Elusive Concept in Development and Disaster Related Work." *Societies* 8, no. 71 (2018): doi:10.3390/soc8030071

Tönnies, Ferdinand. *Gemeinschaft and Gesellschaft*. Leipzig: Fues's Verlag, 1887.

© 2025 JC Gaillard

Victoria, Lorna P., and Mayfourth D. Luneta. *Kahandaan, Katatagan at Kaunlaran ng Komunidad: Gabay sa Pagsasanay sa Disaster Risk Management.* Quezon City: Center for Disaster Preparedness, 2010.

Yiftachel, Oren. "Planning and Social Control: Exploring the Dark Side." *Journal of Planning Literature* 12, no. 4 (1998): 395-406.

© 2025 JC Gaillard